

Mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna

Release Date: October 26, 2023

LAKE MARY, Fla – Ang mga Disaster Recovery Center (DRC o Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) ay mga lokasyon, alinman sa mga nakapirming lokasyon o sa mga tolda sa labas, na nakaayos sa mga lugar na naapektuhan ng mga sakuna. Nakikipagtulungan ang FEMA sa county upang pumili ng mga maginhawang lokasyon para sa mga nakaligtas.

Sa isang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna ang mga nakaligtas ay kayang:

- Malaman ang tungkol sa mga programa ng tulong sa sakuna.
- Mag-apply para sa tulong sa sakuna.
- Suriin ang katayuan ng aplikasyon sa FEMA.
- Kumuha ng tulong para maintindihan ang mga paunawa o liham ng FEMA.
- Kumuha ng referral sa mga ahensya na nag-aalok ng iba pang tulong.
- Magsumite ng apela sa desisyon ng FEMA.
- Makipagkita sa isang kinatawan ng SBA para sa impormasyon tungkol sa mga pautang sa sakuna.
- Makipagkita sa mga kinatawan ng ahensya ng estado.
- Makipagkita sa mga espesyalista sa pagbabawas ng panganib upang malaman kung paano muling magbuo nang mas malakas, upang mapigilan o mabawasan ang pinsala mula sa sakuna sa hinaharap.

Upang makahanap ng isang sentro, bisitahin ang fema.gov/drc

Para makita ang isang bidyo na naglalarawan kung anong serbisyo ang maaaring makuha sa isang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna, bisitahin ang [Sentro ng Pagbawi sa Sakuna \(DRC\): Ang Iyong Mapagkukunan Pagkatapos ng isang Bagyo](#)

Ang mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna ay maaaring magamit ng mga taong may kapansanan. Mayroon silang kagamitan na may pantulong na teknolohiya na magagamit ng mga nakaligtas sa sakuna na makipag-ugnayan sa mga tauhan. Ang Video Remote Interpreting (pagsasalin gamit ang remote na bidyo) ay maaaring gamitin at ang sa-personal na wikang pasenyas ay magagamit sa pamamagitan ng kahilingan. Ang mga sentro ay mayroong naa-access na



FEMA

Page 1 of 2

paradahan, mga rampa, at mga banyo.

Hindi kinakailangang bisitahin ang isang sentro. Ang mga nakaligtas ay maaaring mag-apply sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-621-3362, pagpunta sa online sa disasterassistance.gov, o paggamit ng [mobile app](#) ng FEMA. Ang linya ay bukas araw-araw mula 7 n.u. hanggang 10 n.g. sa Silangang Pamantayang Oras. Ang tulong ay maaaring makuha sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, tulad ng relay sa bidyo (VRS), naka-caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay mo sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Para makita ang isang naa-access na bidyo kung paano mag-apply, bisitahin ang: [Tatlong Paraan upang Magrehistro para sa Tulong sa Sakuna ng FEMA - YouTube](#).

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbawi ng Florida mula sa Bagyong Hurricane Idalia, bisitahin ang [floridadisaster.org/updates/at fema.gov/disaster/4734](https://floridadisaster.org/updates/at-fema.gov/disaster/4734). Sundan ang FEMA sa X na dating kilala bilang Twitter, sa twitter.com/femaregion4 at sa facebook.com/fema.



FEMA